*MALAY 36(1) Disyembre 2023, pp. 60-76*

# Pagmamapa sa Navotas Fish Port Complex Hanggang sa Proseso ng Bentahan sa Market Halls Gamit ang Socio-Economic Geography

## *The Mapping of Navotas Fish Port Complex in the Process of Selling in Market Halls Using Socio-Economic Geography*

Reneille Joy Mante Tayone, LPT, MA
De La Salle University, Manila
reneillejoy@gmail.com

Laging nakaugnay ang pagtingin sa Navotas bilang pangunahing bagsakan ng isda sa Pilipinas dahil dito matatagpuan ang pinakamalaking daungan sa bansa na tinatawag na Navotas Fish Port Complex o NFPC. Tunay nga na nakatulong ang pagiging tabing-dagat ng Navotas kaya nakapagbigay ang NFPC ng malaking trabaho sa loob at labas ng lungsod na may kinalaman sa bentahan o paggawa ng produktong isda. Hangad sa papel na ito na makita ang mga proseso ng bentahan ng isda sa limang Market Halls ng NFPC. Ginamit ang teoryang *socio-economic geography* bilang pangunahing batayan ng pagsusuri ng bentahan ng isda mula sa pagbaba ng isda sa tiyak na puwesto hanggang maibenta ito sa mga mamimili. Binuo ang pag-aaral na ito batay sa tatlong layunin. (1) Ang sakop ng lokasyon ng Navotas Fish Port Complex, (2) ang proseso ng bentahan sa tiyak na Market Halls gamit ang socio-economic geography, (3) ang mga hakbangin ng Navotas upang paunlarin ang Navotas Fish Port Complex. Sa kabuuan, naipakita na malawak ang lokasyon ng NFPC ngunit mayroong tiyak lamang na lugar ng bentahan sa Market Halls na mayroong magkakaibang paraan ang bawat pamilihan gamit ang kanilang estilo, kabihasaan, at pakikipagpalagayang-loob. Hangad sa huli na patuloy na yumabong ang bentahan dahil sa kasalukuyang rehabilitasyon na magpapaigting ng silbi ng Navotas Fish Port Complex.

**Mga Susing Salita**: bentahan, Market Halls, Navotas, Navotas Fish Port Complex, Socio-economic Geography

*Navotas became known as the "Fishing Capital of the Philippines" because it is the location of the biggest fishing port in the country called Navotas Fish Port Complex (NFPC). Its strategic location helped NFPC provide many jobs related to selling and manufacturing fish products inside and outside the city. This paper presents the process of fish selling in the five Market Halls of NFPC. Socio-economic geography theory was used as the primary basis to analyze the fish sales from the starting area until it was sold to consumers. The aim was developed based on three objectives: (1) The scope of the location of Navotas Fish Port Complex, (2) the process of selling at specific Market Halls using socio-economic geography, and (3) the initiative of Navotas to develop the Navotas Fish Port Complex. Overall, it was concluded that NFPC's location is broad, but there are specific selling areas in Market Halls. Each market hall has a different approach using its style, traits, and communication. In the end, the sales will continue to expand due to the current rehabilitation that will enhance the role of the Navotas Fish Port Complex.*

***Keywords:*** *Market Halls, Navotas, Navotas Fish Port Complex, selling, Socio-economic Geography*

Copyright © 2023 by De La Salle University

## PANIMULA

Ginagamit na plataporma ang konseptong NavotaAs na nangangahulugang "Itaas ang Antas ng Buhay ng Navoteño" bilang pangunahing proyektong nakatuon sa edukasyon, pamumuhay, serbisyo, at moralidad sa Navotas. Sinikap ng kasalukuyang mayor ng lungsod na si John Rey Tiangco gamit ang kaniyang plataporma na makapagtayo ng kauna-unahan at nag-iisang ospital, pantulong na pabahay at pagpapaganda ng edukasyon, at pagsulong sa kapayapaan at kaligtasan sa Navotas. Napag-iiwanan pa rin ang Navotas dahil hindi pa kayang pumantay bilang tanyag sa kabuuang kalagayan at pagtingin sa ibang lungsod ng Metro Manila. Lingid sa kaalaman ng iba na malaki ang gampanin ng Navotas sa ekonomikal na sektor ng bansa dahil dito matatagpuan ang Navotas Fish Port Complex o NFPC na pangunahing daungan ng isda sa Pilipinas.

Pinahalagahan sa aklat ni Ron Bryant na *Navotas—Kahapon, Ngayon at Bukas* na ang pagiging tabing-dagat ng Navotas ang pinakamahalagang salik ng lungsod. Ang katangian nito na disenyo ng kalikasan ang nagbunsod sa industriya ng pangingisda, ang bumuhay at nagpatanyag sa bayan simula't sapul at inaasahang patuloy na bubuhay at magpapatanyag pa sa Navotas hanggang sa darating na mga panahon (Bryant 136). Hangad na tukuyin ang pagkilala bilang "Fishing Capital of the Philippines" ng Navotas sa pamamagitan ng masinsing pagsipat sa lokasyon ng daungan, mga kasaping bihasa sa bentahan, at ang rehabilitasyon para sa matiwasay na pagpapadaloy ng ekonomiya. Inilahad sa *website* ng Navotas City na binigyan ang 281 na rehistradong Navoteñong mangingisda ng lambat at nakagawa ng walong *fiberglass* na bangka mula sa Bureau of Fisheries and Aquatic Resources. Dagdag pa noong Oktubre 25, 2023, buong pagmamalaki na ibinahagi sa *Facebook page* ni mayor John Rey Tiangco ang isa sa pagkilalang natanggap ng Navotas sa 2023 Urban Governance Exemplar Awards ng DILG–NCR bilang Topnotcher sa Fisheries Compliance Audit sa Metro Manila.

Samantala, mahalagang pag-aralan ang pananaliksik na ito dahil sa lumalalang kalagayan ng isyu ng pangingisda sa Pilipinas. Sa datos ng Philippine Statistic Authority, bumaba ang produksiyon ng isda sa *second quarter fisheries output* na naging 58 bilyong pisyo ng taong 2023 na mula 68 bilyong piso ng taong 2022 (PTV Philippines). Gayundin, patuloy ang isyu ng pag-angkin ng bansang Tsina sa teritoryo ng West Philippine Sea. Nailarawan noong Setyembre 29, 2023 sa balita ng *News5* na buong tapang na nanghuhuli pa rin ang mga mangingisdang Pilipino sa Scarborough Shoal sa kabila ng naglalakihang sasakyan pandagat ng Tsina para harangan sila at pigilan na manghuli sa sariling karagatan. Saad ng mga mangingisda, hindi dapat nila pairalin ang takot dahil sariling teritoryo naman ito ng Pilipinas kaya may karapatan silang manghuli at baka raw dumating ang araw na tuluyang hindi na makapanghuli sa sariling karagatan. Dagdag pa sa balita, mahigit 100,000 pesos sa isang linggo ang puhunan nila sa pangingisda at kailangan makapanghuli nang maraming isda at sariwang isda upang kumita (*News5*). Bahagi lamang ang nasabing suliranin sa iba pang kailangang bigyan ng agarang solusyon ng gobyerno para mas mapalago ang panghuhuli ng isda sa Pilipinas.

Sa kabila nito, marami pa ring mga negosyante ang nagnanais na mapabilang sa bentahan ng isda sa NFPC dahil pinupuntahan talaga ang lugar na ito dahil sa mura at wastong presyo at sariwang uri ng isda. Maraming negosyante ang bumibili ng isda upang ibenta sa palengke o gamitin sa iba pang negosyong kinakailangan ng pagkaing-dagat. Bunga nito, nakapagbibigay ang daungan ng malaking trabaho sa mga Navoteño dahil karaniwang nakatira sa paligid o sa loob mismo ng NFPC ang mga trabahador ng daungan. Kinakailangan pa rin ng kabihasaan sa ganitong uri ng trabaho dahil may sistematikong paraan ng pagpapadaloy ng bentahan sa daungan na kailangang taglayin ng sinumang kasapi sa pamilihan ng isda. Malaking bagay ang may kaaalaman sa ganitong uri ng bentahan dahil maaaring malugi kapag nagbigay ng maling presyo ng ibinebentang isda.

Mayroong tinatawag na Market Halls 1, 2, 3, 4, at 5 sa lokasyon ng bentahan ng isda sa NFPC at may kani-kaniyang alituntunin ng pag-aangkat at proseso ng bentahan sa bawat pamilihan. Binuo ang pag-aaral na ito batay sa tatlong layunin: (1) Ang sakop ng lokasyon ng Navotas Fish Port Complex, (2) ang proseso ng bentahan sa tiyak na Market Halls gamit ang socio-economic geography, at (3) ang mga hakbangin ng Navotas upang paunlarin ang Navotas Fish Port Complex. Natukoy ang pagkakaiba ng bawat Market Halls mula sa paraan ng pagdala ng isda sa daungan hanggang sa paraan ng pagbebenta ng isda sa mga mamimili. Nasipat na kaya mayroong Market Halls dahil magkakaiba ang target na *volume* ng isda ang kailangang ibenta dahil maaaring nagmula sa barko at

bangka o dinala lamang sa daungan ang mga isda ng malalaking sasakyan tulad ng trak. May tiyak na uri ng mamimili sa bawat Market Halls dahil magkakaiba ang paraan ng pagbenta nito sa mga tao para kumita at mapadaloy ang galaw ng ekonomiya.

Nilinaw sa pag-aaral na hindi maaaring magtungo basta-basta ang isang tagalabas upang makisali sa bentahan ng isda sa loob ng NFPC. Kailangang magparehistro o ng katibayan upang mapabilang sa pamilihan. Malaking bahagi sa Navotas Fish Port Complex ang lipunang ginagalawan sa bentahan dahil bumubuo ang mga tao ng isang komunidad na sila lamang ang nagkakaunawaan batay sa pagtugon sa kanilang trabaho sa daungan. Nilinaw ni Felipe Landa Jocano sa librong *FILIPINO Worldview,* sa kabanatang Communal Dimension ang pagpapakahulugan ng komunidad:

> Sa pagpapakahulugan, higit pa ang komunidad sa pisikal na bilang ng mga taong naninirahan sa isang lugar. Aktwal itong sistema ng katangiang emosyonal at relasyong sosyal sa pamamagitan ng mga pagbabahagi ng mga residente ng magkakatulad na karanasan at realisasyon ng kanilang personal at sakop ng grupo. Mayroon itong magkatutulad na pagbabahagi ng paniniwala, pagpapahalaga, at kasanayan na kung saan nakabase sa nakapaloob na kaugaliang batas. Gayundin, nirepresenta nito ang kabuuang pisikal, sosyal, at kultural na responsibilidad ng kapaligiran para sa pagsasaayos at paghahanay ng ideya at katangian sa paraan ng pamumuhay. (Jocano 51)

Ang komunidad ng mga magkakapitbahay o magkakakilala ang naglalapit sa mga tao bagama't hindi magkakadugo ngunit mayroong pa ring koneksiyon upang tulungan, pakisamahan, at pahalagahan ang bawat isa. Maiiugnay ito sa isinagawang pag-aaral dahil binigyang larawan ang komunidad na pinaglalapit ang mga taong hindi magkakadugo batay sa kanilang mga personal at impersonal na adhikain sa bentahan ng isda. Bunga nito, nakabubuo ang mga taong kabilang sa pamilihan ng pagkakakilanlan na sa kanila lamang makikita.

*Pamamaraan ng Pakikipag-ugnayan sa Navotas Fish Port Complex*

Napili ito ng mananaliksik bilang paksa ng kaniyang pag-aaral dahil lumaki siya sa lungsod at hangad niya na makabuo ng pananaliksik na repleksiyon ng kaniyang pagiging Navoteño. Mas tumuon siya sa daungan ng isda dahil ito ang pinakatanyag na ekonomikal na gawain sa lungsod na nakatutulong din sa kabuhayan at pamumuhay ng mga Navoteño. Bahagi rin ang pag-aaral na ito ng kaniyang tesis sa Master sa Sining sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle. Maraming natuklasang bago ang mananaliksik sa pag-aaral ng paksa upang mapagtibay ang halaga nito sa lungsod. Itinama ang mga naunang pagkilala sa daungan na taliwas sa mga pagtingin ng mga dumadayo sa lugar kaya masasabi na ito ang kauna-unahang pag-aaral na sasakupin ang tiyak na bentahan ng isda sa Navotas Fish Port Complex.

Matindi ang banta ng pandemyang Covid-19 noong isinagawa ng mananaliksik ang pag-aaral na ito kaya sinikap na magawan ng paraan ang pagkuha ng datos nang hindi kinakailangan ng palagiang ugnayan sa mga tao sa lokasyon. Nagbigay muna ng liham upang pahintulutan na pumunta sa pamilihan para makipanayam at kumuha ng ilang larawan o *video* dahil hindi maaaring magtungo lamang sa bentahan nang walang permiso sa kinauukulan. Tinatawag na Market Halls 1, 2, 3, 4, at 5 ang espasyo ng bentahan ng isda sa loob ng NFPC. Sa pagsimula ng pakikipag-ugnayan, nagsuot ng *face mask* at *face shield* ang mananaliksik at nagpatala ng kaniyang *body temperature* upang makapasok sa Navotas Fish Port Complex. Dalawa ang adhikain ng mananaliksik sa pagtungo sa NFPC. Una, nagpunta ang mananaliksik sa opisina ng mga inhinyero dahil sila ang nagbigay ng tiyak na lokasyon o hangganan ng pag-aaral. Ibinahagi ng isang inhinyerong nakapanayam ang kanilang *powerpoint presentation* na naglalaman ng mapa ng buong daungan at mga plataporma sa rehabilitasyon ng NFPC.

Ikalawa, nagtungo ng tatlong araw na nakadepende kung umaga o gabi ang bentahan sa tiyak na Market Halls. Mayroong *officer-in-charge* ng Market Operations Division ang tumulong sa mananaliksik dahil malaking kagaanan ang pagkakaroon ng kasamang empleyado sa opisina upang maghanap ng respondante sa loob ng pamilihan. Sila ang namili ng mga *key informant* gamit ang pagrereto o *snowball sampling* dahil sila ang higit na nakakikila sa tiyak na

trabaho ng mga tao kaya mas napabilis ang paghanap ng datos. Hindi pinapayagan ng opisina na magpunta nang mag-isa ang itinuturing na baguhan sa loob dahil hindi ligtas magtungo sa daungan, higit pa sa gabi. Dagdag pa, madalang ang mga taong kasapi sa bentahan na pumapayag na makipanayam maliban na lamang kung pakiusapan sila ng mga tao sa opisina. Samantala, nabigyan ng pagkakataon ang mananaliksik na makapanayam ang mga kawani ng opisina ng NFPC at mas higit nilang naipaliwanag ang pagkaugnay-ugnay ng limang Market Halls at mga pamantayan upang mapabilang sa bentahan. Sa kabuuan, may kabuuang 24 ang nakapanayam na tig-tatlong kasapi sa bawat lugar ng Market Halls 1–5 at siyam na mga kawani ng opisina sa NFPC.

Hinati sa tatlong bahagi ang katanungan na inihanda sa nakapanayam. Una, personal na pagkakakilanlan batay sa kanilang edad, tirahan, taon ng kanilang pagtatrabaho sa NFPC, at mga kailangan na proseso upang mapabilang sa bentahan. Ikalawa, ang kanilang tiyak na gampanin sa bentahan at mga karanasan upang mas lalong maging bihasa sa kanilang trabaho. Ikatlo, ang kasalukuyang hamon na nararanasan nila sa matiwasay na bentahan dahil sa pandemyang Covid-9, *inflation*, at iba pa. Paglilinaw lamang na hindi tunay na pangalan ang ginamit ng mananaliksik sa nakapanayam at pangkalahatang paglalarawan lamang ang pantukoy na ginamit sa kanila upang maprotektahan ang kanilang identidad. Sa kabuuan, nakatulong ang paggabay at pakikiisa ng mga kasapi sa bentahan at mga kawani sa opisina ng NFPC upang maging produktibo ang resulta ng papel na ito dahil sa kanilang matiyagang pagsagot at komprehensibong pagbibigay ng detalye.

*Ang Representasyon sa mga Navoteño ng Pagkakatatag ng Navotas Fish Port Complex*

Matatagpuan ang Navotas Fish Port Complex sa barangay North Bay Boulevard South o NBBS ng Navotas. Naitala ng National Statistics Office of the Philippines at National Statistical Coordination Board na matatagpuan sa barangay NBBS ang pinakamalaking bilang ng populasyon. Noong Mayo 1, 2020, tinatayang mayroong 72,814 na populasyon sa NBBS kaya naging patunay ito upang pangunahing nagbibigay ng trabaho ang NFPC sa mga Navoteño. Nilinaw ni Diane na kawani ng opisina, isang *semi-government* ang NFPC dahil nasa pangangalaga ito ng Philippine Fisheries Development Authority o PFDA at Government-Owned and Controlled Corporation o GOCC. Direktang napupunta sa NFPC ang kabuuang kita at nagbibigay lamang sila ng porsyento para mag-remit kada katapusan ng taon sa lungsod. Sa kabilang banda, naipaliwanag sa librong *Navotas—Kahapon, Ngayon at Bukas* ni Ron Bryant kung paano nakita sa pangalan ng lungsod ang silbi ng dagat na:

> Bakit "Butas"? Pinaniniwalaan na noon, dahil sa turbulenteng karagatan ng Maynila, unti-unting nasira ang bahagi ng lupa sa Tondo hanggang nagkaroon ng butas na tuluyang naging isang ilog (ang Navotas River ngayon) at dahil dito, tinatawag ang lugar na Butas, na akmang-akma sapagkat ang ilog na ito ay naging lagusan patungo sa Bulakan. Ang pangalang "Butas" o "Nabutas" ay hindi na rin binago ng mga Kastila, kinalaunan ay naging Navotas ito sa kanilang dila at mga opisyal na dokumento. (Bryant 11)




Pigura 1: Mapa ng Lungsod ng Navotas

Nasipat na ang pagiging malapit sa karagatan ang naging batayan sa pag-usbong ng Navotas. Nakatulong ang lokasyon sa paglago ng ekonomiya ng Navotas dahil makikita rito ang pinakamalaking daungan ng isda sa bansa at maraming anumang sasakyang pandagat ang nakabase rin sa NFPC. Nailahad naman ang pagbabagong anyo ng daungan na:

> Noong *pre-war* ang punduhan o bagsakan ng bagong huling isda ay matatagpuan sa loob ng Estero de Vitas sa Velasquez, Tondo. Subalit, nang katatapos pa lamang ng digmaan, dahil sa mga itinayong tulay na Velasquez-Infanta Bridge at Balut Bridge na naging sagabal sa pagpasok at paglabas ng mga kargahang bangka sa ilog na ito, ang punduhan ay inilipat sa Navotas, 14 na kilometro mula sa Maynila patungong hilaga, sa mahabang baybayin sa tabi ng *North Bay Boulevard* na noong araw ay isang nag-iisang highway sa dalampasigan. Makalipas lamang ang ilang taon, kasabay ng paglago ng industriya ng pangingisda sa bansa, ang punduhang ito ay kinilalang pinakamalaking *fish landing* sa buong Pilipinas. (Bryant 149–150)

Hindi nagmula sa dayuhang kaugalian o pamumuhay ang pangingisda sa Navotas bagkus inaral ito batay sa paggamit ng mga tao sa kaniyang paligid bilang pangunahing hanapbuhay. Sentro ng kabuhayan ang NFPC sa Navotas kaya kinikilala ang kasaysayan nito at patuloy na pinahahalagahan ang silbi ng daungan sa mga nagtatrabaho. Malaki ang gampanin ng pagiging kapuluan ng Pilipinas dahil nakatutulong ito na makapagbigay ng trabaho sa panghuhuli ng isda. Sinipat sa artikulong "Analysis of Fishing Ports in the Philippines" nina Danilo Israel at Ruchel Roque na mayroong walong pangunahing daungan ng isda sa Pilipinas. Batay sa datos ng National Statistic Coordination Board (NSCB) noong 1997, mayroong 447 daungan ng isda sa Pilipinas (Israel at Roque 1). Ang Navotas Fish Port Complex ang unang naitayo noong 1973 at ito rin ang unang napatakbo sa lahat ng daungan noong 1977 (Israel at Roque 2). Mula rito, magkakasunod ng nabuksan ang iba pang malaki at maliit na daungan sa buong Pilipinas.

Samantala, sa artikulong "Navotas: Sharing their Fishing Culture" nina Leonard Lumaque, Ahvie Lopez, at Emily Comedis, nasipat na mahalaga sa komunidad ng Navoteñong mangingisda ang pagtingin bilang "Fishing Capital of the Philippines" dahil mayroon itong 70% na populasyon na nagbibigay ng kabuhayan sa mga Navoteño o katabing lungsod ng direkta o hindi direktang mula sa palaisdaan at may kaugnayan sa *fish trading*, *fish net mending*, at *fish producing* na nagbibigay ng maliit na porsiyento sa produksiyon ng isda (DOT, 2015). Sa kabila nito, malaki pa rin ang porsiyento ng mahihirap sa Navotas dahil hindi sapat ang trabaho sa NFPC upang tugunan ang pangangailangan ng mga tao. Base sa Populasyong Census noong 2007, mayroon ang Navotas na 15% nakatalang kahirapan (Lumaque, Lopez, at Comedis 3). Marahil kahit nabibigyan ng trabaho ang mga Navoteño, mababang uri ng manggagawa lamang sila.

Lumaki ang mananaliksik sa barangay kung saan matatagpuan ang NFPC kaya nakatulong din ito upang masipat ang kaniyang personal na obserbasyon. Napalilibutan ng *informal settlers* ang daungan ng isda at mayroon ding malaking bilang ng *informal settlers* ang matatagpuan sa Market Halls 3, 4, at 5. May nakausap ang mananaliksik na halos magkakakilala lamang din ang nagtatrabaho sa limang Market Halls at karaniwang ito na ang kanilang hanapbuhay na ipinamana pa nila sa kanilang kamag-anak. Nakatutulong man ang NFPC sa pagbibigay ng trabaho ngunit mababang posisyon ang naibibigay sa malaking populasyon ng Navoteño. Sa kabuuan, ang lokasyon man ng daungan sa Navotas ang nagdikta kaya malaking bilang ng trabaho ang naiibigay sa Navoteño ngunit hindi ito ang naging representasyon para makaahon sila sa kahirapan at estadong kinalakhan.

### *Ang Pagmamapa Upang Makilala ang Kaugalian at Kabuhayan sa Isang Pook*

Mayroong pagkakatulad o pagkakaiba ng ilang kabuhayan o kabihasaan ang dalawa o higit pang lokasyon. Mahalaga na mag-iwan ng simbolikong representasyon sa pagmamapa upang masabi na iba ang kanilang danas at natatanging matatagpuan lamang sa kanila ang tiyak na gawain. Sa disertasyon ni Ma. Crisanta N. Flores na *Pangasinan: Isang Etnokultural na Pagmamapamа*, inilahad ang paggamit ng tatlong uri ng pagmamapa: ang pisikal na pagmamapa, politikal na pagmamapa, at etno-kultural na pagmamapa. Nakatulong ito upang mas makilala ang representasyong iniiwan sa Pangasinan batay sa pahayag na:

> Pumili lamang ng apat na icon bilang representasyon ng etnokultura ng Pangasinan. Ang mga icon na ito ang siyang itinuturing na pinakamatingkad na simbolo ng lalawigan. Bilang simbolo, taglay nito ang mayamang balon ng kahulugan. Ito ay ang mga sumusunod: Pangasinan-Caboloan ('asinan' sa baybay/kostal at 'bolo' sa interyor; mga katawagan ng lugar sa panahong pre-kolonyal); Prinsesa

> Urduja (ang kaniyang kaharian bilang tugon ng elit laban sa eurocentrismo ng Kastila); Birhen ng Manaoag (batis ng potensya ng tradisyong manag-anito at ng mga samahang relihiyoso); at Cattle Caravans (tinig ng maliliit laban sa globalisasyon). Ang iba pang maituturing cultural icon ng Pangasinan tulad halimbawa ng bangus o bagoong, pati na rin ang mga literary icon tulad nina Francisco Sionil Jose, Carlos Bolosan at Juan C. Laya ay hindi na maaaring idebelop bilang hiwalay pang mga kabanata. (Flores 2–3)

Ginamit ang pagmamapa upang matukoy ang historikal at politikal na nangyayari sa pook dahil makikita ang magiging galaw ng kanilang pamumuhay para makaambag din sa pagpapadaloy ng kanilang ekonomiya. Maaaring magbago ang pagkakakilanlan sa tiyak na lugar dahil sa pakikiangkop sa panahon at kasalukuyang kalagayan ng lipunan. Sa katunayan, inilahad sa artikulong "Bayan at Pagkabayan sa Salamyaan: Ang Pagpopook ng Marikina sa Kamalayang-Bayang Marikenyo" ni Jayson Petras ang pagwawasto sa karaniwang pagtingin sa Marikina katulad ng pagiging "Kabisera ng Industriya ng Sapatos" dahil nakabatay ito sa panlabas na pagtingin bunga ng pagtatampok sa kilalang mga industriya ng pook. Kinilala ang ibang pagtingin sa Marikina katulad ng salitang *salamyaan*, isang salitang Tagalog-Marikina na nangangahulugang "isang silungan na ang mga Marikenyo, partikular ang matatanda, ay nagsasama-sama upang magpahinga, magkuwentuhan, magkainan, at maglibang" (Florendo-lmao 12). Naipakita ng salamyaan kung paano napag-uugnay ang mga Marikenyo na mayroong iba't ibang edad, kasarian, estado, at adhikain sa buhay upang magkuwentuhan at magsaya na hindi karaniwang ginagawa ng mga tao.

Nakatutulong ang mga pagkilalang iniiwan sa isang pook upang ilapit ang mga tagalabas sa mga tagaloob. Naihalintulad ito sa pag-aaral dahil natukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba ng pagtingin sa NFPC batay sa tagalabas na pananaw hanggang sa pagdalumat ng kalagayan ng mga tagaloob batay sa senaryo ng bentahan. Hangad din na mailapit sa mga Navoteño ang silbi ng daungan dahil maraming tubong Navotas ang walang sapat na kaalaman sa malaking ambag sa ekonomiya ng Navotas Fish Port Complex.

Samantala, may kalakaran na pinaiiral ang mga tao sa daungan ng isda dahil sa kulturang nakasanayang gawin sa paraan ng bentahan. Batay sa artikulong "Knowledge Sits in Places: The Vernacularity and Emplacement of Fish Markets in Southern Philippines" ni Nelso N. Turgo, may sinipat na sistema ng bentahan ng isda sa timog na bahagi ng Pilipinas na sinimulan sa tulong ng pakikipanayam ng mananaliksik sa mga taong kabilang dito at kaniyang pamamalagi sa lugar upang obserbahan ang ginagawa nila. Nailahad ang dalawang bahagi sa mabisang bentahan ng isda, ang Tacit Knowledge at Network Knowledge. Mahalaga ang Tacit Knowledge sa usapin ng karanasan sa ganitong larangan ng trabaho dahil sa *shared experience.* Halimbawa, maaaring kilatisin ang uri ng isda at ang presyong angkop dito dahil sa tingin lamang o tantiyahan. Tungkulin naman ng Network Knowledge na magsama-sama ang mga magkakakilalang tao sa bentahan ng isda upang ibenta rin ito sa isa't isa sa pamamagitan ng *bidding*. Nadalumat ang kahalagahan ng sistema ng bentahan kung mayroong sapat na karanasan sa uri ng trabaho para mas maging madali ang daloy nito. Maaaring ipasok ang konseptong suki dahil nasipat ang halaga ng tiwala sa mga taong kasapi sa proseso ng bentahan sa NFPC.

Bunga nito, sinipat ang tradisyonal na paraan ng pagsusubasta sa pag-aaral na "Bulungan" nina Ma. Lourdes del Rosario, Michelle Dinglasan, at Marianne Liwanag sa Market 2 na isang sistema ng pagbebenta ng isda sa Navotas Fish Port Complex. Ang *bulungan* ay taguri sa paraan na ibinubulong ang presyo ng isda sa mga mamimili at kung sino ang may pinakamalaking presyo ang ibinulong ang makakakuha ng banyera ng isda. Dagdag pa sa siniping pahayag:

> Ang dokumentasyong ito ay ang sistemang bulong na isang estratehiya ng pakikipagkalakalan na isinasagawa mula noong nagdaang siglo sa pinakamalaking daungan ng isda sa bansa, ang Navotas. Sinuri ng dokumentaryo ang maraming proseso ng distribusyon mula sa pagbaba ng mga banyerang isda sa lantsa at ang panahon ng pagbubulong ng presyo batay sa pagkilatis ng kalidad, laki, at uri ng isda. (del Rosario, Dinglasan at Liwanag 1)

Isa lamang ang bulungan sa bahagi ng papel na ito dahil mas nakatuon sa kabuuang proseso ng bentahan sa pamilihan ng isda sa NFPC. Katulad ng layunin ng dokumentasyong ito na matukoy kung paano naging representasyon ang bulungan sa NFPC dahil

naging paraan ito ng kanilang madaliang pagbebenta. Magkaiba man ang lugar at paraan ng bentahan sa daungan ng isda sa Pilipinas ngunit halos magkatulad pa rin ito sa sistema na kanilang pinaiiral sa bansa. Patunay rito ang pag-aaral na "Tag-Liwanag: Wika, Kalinangan, Pamumuhay at Kultura ng Pangingisda sa Cavite" ni Eros Atalia na pagsusuri ng pangingisda sa Tanza, Cavite na isang mahabang kasaysayan ng palaisdaan sa nasabing lugar. Nilinaw ng pag-aaral na ito ang tungkol sa ugnayan ng kalinangan at pamumuhay hinggil sa pangingisda sa Bayan ng Cavite at kung paano kinakatawan ang mga ito ng mga salita (Atalia 7). Inilahad kung paano nakaaapekto ang wika sa pamumuhay upang magkaroon ng ugnayan ang mga tao sa palaisdaan. Bagama't sa palaisdaan nagkakaiba ng edad, kasarian, o uri ng trabaho ngunit napagbubuklod-buklod sila dahil sa wikang ginagamit na sila lamang ang nagkakaintindihan. Habang ginagawa ang pag-aaral na ito, may mga salitang hinahanap-hanap ang mananaliksik na hindi niya na naririnig sa mga kasalukuyang mandaragat samantalang may ilang bagong salita na dayuhan sa tenga ng mananaliksik (Atalia 9). Kung gayon, naipakita na isang proseso na patuloy na nagbabago ang wika kahit na matagal na itong sinasalita ng isang pook dahil sa kanilang paraan ng pamumuhay.

Dinalumat ang limitasyon sa sistema ng panghuhuli ng isda sa iba't ibang panig ng Pilipinas. Ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pamantayan sa paraan ng paghuli ng uri, laki, at katangian ng isda at ang pagiging lehitimo upang makahuli at makabenta ng isda. Sa kabuuan, mahalaga ang pagmamapa para matukoy ang simbolikong iniiwan sa mga tagaloob at tagalabas na maaaring makatulong upang itama o idagdag ang mga naunang kaalaman. Mas maiuugnay ang pagmamapa sa sistema ng pangingisda sa Pilipinas dahil nakita ang halaga ng kabihasaan sa salita at kilos na angkop sa kinabibilangang pook.

*Ang Teoryang Socio-economic Geography Bilang Pagpapadaloy ng Sistema ng Bentahan sa Limang Market Halls*

Sinimulang matukoy ang lokasyon ng Navotas Fish Port Complex nang sa gayon ay malaman ang espasyong ginagamit sa loob ng pook para sa bentahan ng isda. Ginamit ang pinagsamang dalawang teorya na socio-economic geography bilang teorya ng pag-aaral sa limang Market Halls. Pinagmulan ng napiling teorya ang geography na nahahati sa dalawang disiplina, una ang pisikal na heograpiya at pangalawa ang heograpiyang pantao. Sinipat ni Flores ang heograpiyang pantao na:

> Naging kapaki-pakinabang ang bagong disiplina ng *human geography* upang tuwirang maihatid ang pinakatampok na layunin ng pag-aaral. Ito ay ang paraan ng pagmamapa ng kultura bilang hiwalay na akademikong suliranin sa siyentipikong lapit ng *physical geography* kung saan istadistika at kwantipikadong datos ang namamayani. Nakasalungguhit sa pag-aaral ng kultura, ang pagtanto sa geograpiya at espasyo ay hindi na nakatali sa mahigpit na nosyon ng pisikal na realidad. (Flores 5)

Nakaangkla sa human geography ang economic geography at social geography na kung saan pagsasamahin ito bilang socio-economic geography o sosyo-ekonomikong heograpiya. Nailahad sa unang kabanata ng aklat na *Economic and Social Geography* nina R. Knowles at J. Wareing ang kahulugan ng economic geography na:

> Ang *economic geography* ay nakatuon sa kung paano nagkakaroon ng pamumuhay ang tao: kung paano niya ginagamit ang mga mapagkukunan sa mundo na maaaring gamitin nito ang teknolohiya sa agrikultura at industriya at kung paano siya bumuo ng mga pamamaraan sa transportasyon upang ayusin ang puwang sa kanyang paligid sa pamamagitan ng paglalapit ng mga pagdadala ng pangunahing pinagkukunan ng *supply* at *demand.* (Knowles at Wareing 1)

Sa kabilang banda, inilahad din sa aklat nina R. Knowles at J. Wareing ang kahulugan ng social geography na:

> Ang *social geography* ay patungkol sa tao at kung paano siya nabubuhay: sa pagtitiyak ng heograpiya ng populasyon at pamayanan dahil kasama ang mga anyo at proseso ng pakikipag-ugnay sa lipunang ginagalawan at mga katangian ng kultura na nakabubuo ng *landscape* at nakaaapekto sa mga paraan ng pamumuhay. (Knowles at Wareing 1)

Nalinaw sa teoryang socio-economic geography na marapat na pagtuunan ang lipunan na nagpapagalaw sa loob ng Market Halls dahil hindi lamang natatapos sa pagpili ng lokasyon bilang pangunahing daungan ng isda sapagkat titingnan din ang sistema ng bentahan at iba pang plataporma para sa NFPC. May sariling pamantayan ang bawat bentahan batay sa pinagmulan ng inangkat na isda, uri ng nagbebenta at namimili, at paraan ng pagbebenta o pagsusubasta. Nagamit din ang teorya dahil napagtuunan na karaniwang mga kasapi lamang sa bentahan ang nagkakaunawaan sa proseso ng bentahan upang matugunan ang ekspektasyon nila sa magiging kita sa pamilihan. Panghuli, mahalaga na matiyak ang mga kasalukuyang rehabilitasyon o proyekto sa NFPC dahil marapat makiangkop sa sosyal na ugnayan para sa pagpapadaloy ng ekonomiya.

*Pagsipat sa Pagmamapa, Proseso, at Pag-unlad ng Bentahan sa Market Halls*

Nakatuon ang batayan ng pag-aanalisa sa panghuhuli, pag-aangkat, pagtitinda, at pagsasaayos sa bentahan ng limang Market Halls. Sa pananaliksik na ito, marapat ang masinsinang obserbasyon at pakikipanayam sapagkat hindi malalaman agad ng isang taong itinuturing na tagalabas ang panuntunang isinasagawa sa loob ng pamilihan. Paliwanag ni Rhoderick Nuncio na:

> Ang nagaganap sa ating kapaligiran at lipunan dala na rin mismo ng pakikisangkot ng tao ay tinatawag na penomenon. Ito ay naoobserbahang kaganapan na nauunawaan at nalalaman ng tao gamit ang sens-persepsyon. Kung gayon, empirikal at eksperyensyal ang naoobserbahang penomenon dahil bahagi ito ng batid ng realidad ng tao. Walang penomenon na nakahihiwalay ang tao. Ang panlipunang katangian ng kaalaman ay nagkakaroon lamang ng katuturan bunga ng interaksyon at interpretasyon ng tao. Tingnan natin halimbawa ang nagaganap sa pamilihan. Ang nagaganap dito ay isang 'sosyal penomenon' na kung saan may ugnayan ng tao, may pagkilos na naaayon sa alituntunin ng bilihan, may sangksyon o parusa sa sumusuway (pagnakaw ng paninda) at may nagtatakdang institusyon na gumagabay (pulisya, lokal na pamahalaan, atbp) sa relasyong nabanggit. (Nuncio 159–160)

Naging batayan ng pahayag ang kahulugan at saysay na isinasagawa ng mga tao sa isang 'sosyal penomenon' upang magpakita ng realidad na pangyayari sa tiyak lamang na pamilihan at matugunan ang kanilang personal na pangangailangan. Marapat na sundin ang pamantayan sa isang gawain upang makinabang ang bawat isa kaya may pananagutan ang isang tao na lumabag o hindi sumang-ayon sa nailatag na gampanin. Naiugnay ang teoryang socio-economic geography sa pamamagitan ng pagtukoy ng tiyak na hatian ng gawain sa loob ng NFPC hanggang sa pagkahati-hati ng limang Market Halls. Mas nagiging kapaki-pakinabang din ang teorya sa pagkakaroon ng pamantayang sosyal sa lipunan na kailangang sundin at sanayin upang makuha ang proseso ng bentahan at tumagal sa trabaho para sa pagpapadaloy ng ekonomiya.

Sa katunayan, hindi malay ang mga kasapi sa bentahan na mayroong tiyak na panuntunan na dapat nilang sundin na sila lamang ang nagkakaunawaan nito upang mapabilang sila sa kanilang kapaligiran. Higit sa lahat, hindi rin sila malay na ang kanilang interaksiyon o pakikilahok sa lipunan ang naging dahilan upang makaambag sila sa ekonomikal na pagpapadaloy. Tunguhin sa susunod na bahagi ng papel na sipatin ang pagmamapa sa lokasyon ng NFPC, proseso ng bentahan sa tiyak na Market Halls, at pag-unlad ng kalagayan ng daungan. Paglilinaw lamang na hindi tunay na pangalan ang ginamit ng mananaliksik sa nakapanayam at pangkalahatang paglalarawan lamang ang pantukoy na ginamit sa kanila upang maprotektahan ang kanilang identidad.


*Pagmamapa: Ang Lokasyon ng NFPC Hanggang sa Tiyak na Market Halls*

Lingid sa kaalaman ng nakararami na malawak ang sakop ng Navotas Fish Port Complex at hindi lamang ito bagsakan ng isda dahil maraming negosyong may kinalaman sa isda ang matatagpuan dito. Ibinahagi ni Ron na kawani ng opisina na tinatayang may kabuuang 46 na ektarya ng lupa ang NFPC na matatagpuan sa hilagang-silangan na bahagi ng Manila Bay.



**Pigura 2:** Ang lokasyon ng Navotas Fish Port Complex sa *Google map.*

Batay sa larawan sa itaas, naipakita na ang naka-pin lamang na lokasyon sa *Google* map ang sentral na opisina ng NFPC ngunit ang nakasakop sa puting linya na ginawa ng mananaliksik ang kabuuang Navotas Fish Port Complex. Inilahad pa ni Diane na may kabuuang 66 na ektarya ang espasyo ng NFPC ngunit nakuha ng Department of Public Works and Highways (DPWH) ang Road-10 dahil ipinagawa nila ang lugar na ito kaya nabawasan ng 20 ektarya ang Navotas Fish Port Complex.





**Pigura 3:** Ang kabuuang lupaing sakop ng Navotas Fish Port Complex.

*Nagmula ang impormasyon sa opisina ng mga inhinyero sa NFPC.*

Naipakita sa pigura sa itaas na pinagbatayan ng mananaliksik mula sa *PowerPoint* na inihanda ni Ron ang pagkahati-hati ng lupang saklaw ng Navotas Fish Port Complex. Batay sa pinagsamang paliwanag nina Ron at Diane, tinutukoy ang Industrial Zone na may lawak na 1000 metrong kuwadrado bawat establisimyento at karaniwang ito ang mga pabrika na pagawaan ng isda katulad ng Frabelle at Slord habang ang Commercial Zone naman ang mga 1000 pababang metrong kuwadrado lamang ang lawak ng establisimyento at karaniwang *warehouse* ito. Dagdag pa, ang mga Pier naman ang lugar ng mga pagawaan ng mga barko o anumang sasakyang pandagat ngunit inokupahan ang Pier 1 ng gasolinang Petron kaya iba ang pamamalakad dito. Tinutukoy naman ng *others* sa lupaing sakop ang ibang gawain sa NFPC na walang kinalaman sa pangingisda o paggawa ng produktong may isda ngunit kailangan ng mga tao, katulad na lamang ng mga kainan, *water tank*, at *breakwater*. Naipakita na malaki ang kapakinabangan ng NFPC dahil hindi lamang ito bentahan ng isda bagkus dito rin matatagpuan ang pagawaan ng mga produktong may kinalaman sa isda.

Samantala, mayroong apat na ektarya lamang ang Market Halls na nahati sa lima na nagaganap ang bentahan ng isda. Maliit lamang ang sakop sa lupain nito at mayroon lamang isang palapag ngunit ito ang pinakaaktibong gawain at pangunahing nagbibigay ng trabaho sa Navotas Fish Port Complex kaya ito ang tuon sa susunod na bahagi ng pag-aaral. Magkaiba ang lokasyon sa loob ng NFPC ng Market Halls 1 at 2 at Market Halls 3, 4, at 5.



**Pigura 4:** Ang kasalukuyang kabuuang mapa ng Navotas Fish Port Complex.
Nagmula ang larawan sa opisina ng mga inhinyero sa NFPC.
Tala: Market Halls 1 (Asul), 2 (Dilaw), 3 (Kahel), 4 (Berde), 5 (Lila) / Opisina ng NFPC (Pula)

Naipakita sa larawan na mas malawak ang Market Halls 1 at 2 kaya matatagpuan ito sa parehong lokasyon ng NFPC at makikita ang Market Hall 1 na malapit sa mataas na tubig ng dagat dahil dito ibinababa ang mga isdang mula sa barko. May pagtingin na pangmasa ang kinakalakal na isda sa Market Halls 1 dahil karaniwang binibili rito ang banyera o toneladang isda na ibinababa

ng mga sakay na barko. Samantala, matatagpuan sa ibang lokasyon ang Market Halls 3, 4, at 5 at makikita ang Market Hall 3 sa mababang tubig ng dagat dahil dito ibinababa ang mga isdang mula sa bangka. May pagtingin na magagandang isda ang matatagpuan dito dahil kadalasan sa Manila Bay lamang ang mga huling isda na sakay ng bangka.

Bunga nito, nakaapekto sa susunod na bahagi ng pananaliksik ang kahalagahan ng pagtukoy sa lokasyon ng limang Market Halls dahil masisipat ang pagkakaiba ng proseso ng bentahan ng isda. Marapat na sipatin ang tiyak na lupaing sakop ng limang Market Halls na makikita sa talahanayan sa ibaba sa pamamagitan ng pag-multiply ng bilang ng konsignasyon at espasyo ng isang konsignasyon.

*Sosyolingguwistiko: Mga Katawagan ng mga Kasapi sa Bentahan*

Sa pag-aaral ng socio-economic sa limang Market Halls naipakita na mayroong natatanging terminong ginagamit ang mga kasapi sa bentahan na sila lamang ang nagkakaunawaan. May pagkakataon na nagiging salik din ang mga katawagan na ito sa bawat isa upang higit na maunawaan ang daloy ng bentahan sa pamilihan at maging balidasyon sa mga wastong pagkahati-hati sa gampanin ng mga kasapi ng bentahan**.** Batay sa talahanayan na binuo ng mananaliksik, sa kaliwang bahagi ang mga tiyak na terminong Ingles na nagmula sa pamunuan ng Navotas Fish Port Complex na ito rin ang ginagamit na mga tala mula sa opisina at mga balidasyong ibinibigay sa munisipyo ng Navotas bilang *business permit*. Samantala, sa kanang bahagi ang karaniwang katawagang malay ang mga kasapi sa bentahan.

Sinipat na mas pinaiksi lamang o nanatili ang tawag sa mga *broker*, *owner*, *fish viajero*, at *boat operator* ngunit walang ipinagbago sa termino nito. Nakaapekto na dahil sila ang itinuturing na makapangyarihan sa loob ng pamilihan kaya nagiging pamantayan din ito ng estado sa buhay at hindi pinapalitan ang mga tawag sa kanila. Samantala, pangkaraniwan lamang ang tawag sa mga nagbebenta, katiwala, at namimili ngunit may pagkakataon na tinatawag na *middleman* ang mga *auctioneer*, *buyer* at *seller*, at *fraction* sa Market Hall 1 sapagkat malay ang mga tao na hindi direktang bumibili ang *fish hauler/fish buyer* sa mga *fish trader /broker.* Dagdag pa, walang pinagbago ang mga tawag sa *batillo*, kahera, at kargador ngunit may pagkakataon na tinatawag na lamang silang trabahador o katiwala bilang pangkalahatang termino sa mga ordinaryong nagtatrabaho para sa fish trader/broker. Sa kabila nito, nagbago man ang tawag sa kanila ngunit pangkaraniwang termino pa rin ang naibibigay. Makikita pa rin sa kabuuan ang nasa itaas at nasa ibaba ng lipunan, Ingles man ang termino na nagmula sa opisina ng NFPC o wika na kadalasang ginagamit ng kasapi sa bentahan.

Sa kabilang banda, nadalumat ng mananaliksik na mayroong dalawang salik upang magkatulad ang termino mula sa opisina ng NFPC at mga ginagamit na wika ng mga kasapi sa bentahan. Una ang pagiging lehitimo ng mga kasapi sa bentahan. Batay sa naging panayam ng mananaliksik, higit na nagiging malay ang isang taong kasapi sa bentahan ng isda kapag mas matagal ng nagtatrabaho sa Market Halls. Nagiging bihasa ang isang tao sa pagpapadaloy ng proseso ng bentahan gayundin, sa mga tiyak na terminong ginagamit ng mga kasapi dahil nagkakaroon ng sosyal na ugnayan upang matugunan ang ekonomikal na gampanin ng pamilihan.

Ikalawa, maaaring magkatulad pa rin ang terminong ginagamit ng mga kasapi ngunit nagkakaiba ito sa paraan ng pagbigkas. Halimbawang karanasan ng mananaliksik sa kaniyang pakikipanayam, kadalasang binibigkas ng mga taong kasapi sa bentahan at ng ilang kawani sa opisina ng NFPC ang *fish viajero* bilang

| Market Halls | Bilang ng konsignasyon | Espayo ng isang konsignasyon | Lupaing sakop |
|---|---|---|---|
| Market Hall 1 | 69 | 100 metro kuwadrado | 6,900 metro kuwadrado |
| Market Hall 2 | 50 | 100 metro kuwadrado | 5,000 metro kuwadrado |
| Market Hall 3 | 43 | 50 metro kuwadrado | 2, 150 metro kuwadrado |
| Market Hall 4 | 26 | 50 metro kuwadrado | 1,300 metro kuwadrado |
| Market Hall 5 | 23 | 50 metro kuwadrado | 1,150 metro kuwadrado |

**Talahanayan 1:** Tala sa opisina ng NFPC ng lupaing sakop ng limang Market Halls

| NFPC | Wika ng Kasapi sa bentahan |
|---|---|
| Fish Trader/Broker, Owner | Broker, Owner |
| Fishing Vessel/Boat Operator, Fish Viajero | Boat Operator, Fish Viajero |
| Auctioneer, Buyer at Seller, Fraction | Middleman, nagbebenta, katiwala |
| Fish Hauler/Fish Buyer | mamimili |
| Batillo, Kahera, Kargador, | Katiwala, Trabahador, Batillo, Kahera, Kargador |

**Talahanayan 2:** Mga terminong ginagamit bilang katawagan sa mga kasapi ng bentahan.

*fish biyahero* at *fish hauler* bilang *fish holer*. Mabuti na lamang at binigyan ang mananaliksik ng opisyal na tala sa mga tawag sa kasapi ng bentahan upang maging balidasyon sa kanilang paraan ng pagbigkas. Naipakita na malaki ang gampanin ng opisina ng Navotas Fish Port Complex upang maging gabay sa mga tiyak na terminong ginagamit sa bawat Market Halls dahil kasama ang wika o mas tiyak ang mga katawagan upang sanayin din sa proseso ng bentahan.

Sa pagtukoy ng tiyak na gawain sa loob ng NFPC mas nagiging malinaw ang hangganan ng pagdalumat ng papel na ito. Maliit lamang na ektarya ang Market Halls ngunit maiuugnay na ang teoryang socio-economic geography para maipakita ang daloy ng ekonomiya mula sa mga hatian ng trabaho hanggang sa mga gampanin na kailangang tandaan sa sosyal na lipunan. Patunay rin sa bahaging ito na ang lokasyon ang nagdikta upang maging pinakamalaki at pangunahing daungan ng isda sa Pilipinas ang Navotas sapagkat may gampanin na itinatakda at may kakayahang kumita ang lahat ng kabahagi ng kalakalan ng isda.

*Proseso: Pag-aangkat Hanggang Pagbebenta Gamit ang Socio-Economic Geography*


Nakatuon sa tatlong bahagi ang pagtalakay ng mga pamilihan: ang Market Hall 1, Market Hall 2, at Market Hall 3–5 sa pamamagitan ng paghahambing sa proseso ng bentahan ng isda batay sa market hall na kinabibilangan, pinagmulan ng inangkat na isda, proseso ng bentahan o pagsusubasta, at uri ng nagbebenta at namimili ng isda. Nakatuon ang socio-economic geography sa bahaging ito ng papel dahil nagkakaunawaan ang sosyal na lipunan batay sa pagiging lehitimo, bihasa at matapat sa trabaho. Paglilinaw ng mananaliksik na nagmula sa opisina ng NFPC ang mga terminolohiyang ginamit sa mga kagamitan sa bentahan, tawag sa mga kasapi ng bentahan, at mga kultural na pagkakakilanlan ng mga gawain.

Ipinaliwanag ni Leo na kawani ng opisina, marapat talakayin ang tatlong paraan sa pag-aangkat ng ibinebentang isda at pinagmulan ng nahuling isda ng fish trader/broker dahil pangunahing salik ito sa pagkakaiba ng bentahan. Una, ang tinatawag na *on quayside* na nangangahulugan na nagmula ang mga sakay na isda sa mga barko o bangka at ibababa sa tiyak na konsignasyon ng fish trader/broker na magsisimula ang bentahan ng isda. Ikalawa, ang *off quayside* na nangangahulugan din na nagmula ang mga sakay na isda sa mga barko ngunit ibinababa sa ibang lugar sa loob ng NFPC katulad ng Pier 2 at Pier 3. Nangyayari lamang ito kapag marami ang bilang ng binabagsak na isda sa loob ng NFPC kung gayon, dadalhin na lamang ng pribadong sasakyan na karaniwang trak mula sa Pier 2 o Pier 3 ang mga isdang ibebenta sa tiyak na Market Halls. Pagmamay-ari ng *fishing vessel operator* ang mga barko mula sa on quayside o off quayside habang ang fishing boat operator naman ang bangka mula sa on quayside. Ikatlo, ang *overland* na nangangahulugan na sakay ng trak ang mga isda na pagmamay-ari ng fish viajero. Mula ito sa mga palaisdaan sa probinsiya na hinuli sa kanilang lugar at dadalhin lamang sa tiyak na Market Halls. Gayundin, maaaring kukunin sa *airport* ang mga isda dahil nagmula ito sa malalayong probinsiya na isinakay pa sa eroplano.

Sa kabilang banda, aayusin ang mga isdang ibinebenta batay sa tatlong klasipikasyon na primera,

segunda, tersera upang makapagbigay ng presyo nang naayon sa uri nito. Ipinaliwanag nina Leo at Rico na mga kawani ng opisina, ang kahulugan ng mga klasipikasyon: Una, ang primera o itinuturing bilang *first class* dahil ito ang pinakamagandang klase at pinakamalaking isda. Nahahati pa ang primera sa dalawang klase na tinatawag na N1 bilang pinakamagandang klase ng isda at N2 bilang pangalawang pinakamagandang klase ng isda. Ikalawa, ang segunda o itinuturing bilang *second class* na hindi kasing-sariwa at kasing-ganda ng primera at midyum o maliit lamang ang laki nito ngunit maaari pa ring ibenta. Ikatlo, ang tersera o itinuturing bilang *third class* na pinakaluma o bilasang uri ng isda na kadalasang ginagamit na lamang sa paggawa ng patis. Tinatawag din ang tersera bilang esko o *extra small* dahil sa maliit lamang ito.

Nagbigay ng pamantayan ang sentral na opisina ng Navotas Fish Port Complex na inaasahang nakasuot ng puting kamiseta at puting bota ang mga kasapi sa bentahan sa limang Market Halls. Gayundin, kailangang nakasuot ng face mask at face shield ang mga tao sa loob ng NFPC noong isinasagawa ang pag-aaral na ito dahil sa matinding banta ng pandemyang Covid-19. Limitado man ang pisikal na interaksiyon sa pagbuo ng pananaliksik ngunit sinikap na hindi maging hadlang ito upang matukoy ang pagpapadaloy ng ekonomiya sa Navotas Fish Port Complex. Nailahad sa susunod na bahagi ang komprehensibong paliwanag sa kalagayan ng Market Halls na mainam gawing batayan sa pag-unawa ang pigura 5.




**Pigura 5:** Ang kabuuang daloy ng bentahan ng isda batay sa mga taong kasapi sa bawat Market Halls.

### *A. Proseso ng Bentahan ng Isda sa Market Hall 1*

Pinakaaktibo ang Market Hall 1 sa lahat ng pamilihan sa loob ng Navotas Fish Port Complex. Nasipat agad ng mananaliksik ang isang galaw at isang sistemang pinaiiral ng bawat konsignasyon dahil organisadong naisasagawa ang bentahan dito mula sa suot na damit, maayos na daloy ng hatian ng trabaho, at tuloy-tuloy na proseso ng bentahan. Nadalumat ng mananaliksik na natatatangi ang Market Hall 1 dahil nagmula sa on quayside ang pangunahing ibinabagsak dito kaya inaasahan na hindi bababa sa 10,000 isda kada araw ang naiaangkat sa isang sasakyang pangisda nito. May pagkakataon pa na sakay ng mga bangka, off quayside, overland ang inaangkat sa Market Hall 1 dahil hindi naman laging kasya ang babang isda sa on quayside o kapag kaunti lamang ang huling isda.

Nagsisimula ang bentahan ng isda sa Market Hall 1 ng ika-6 ng gabi at karaniwang matatapos ng ika-2 ng umaga. May paraan na isinasagawa upang makapanghuli at maangkat ang isda sa daungan batay sa inilahad ni Gina na kawani ng opisina, na may tatlong uri ng barko upang maging proseso rin ng pag-aangkat ng isda sa Market Hall 1 dahil may kani-kaniyang gampanin ang bawat isa upang mas mapabilis ang pagdadala nito sa pantalan. Una, ang tinatawag na *sonar boat* na may gampanin na magpailaw sa dagat upang kusang lalapit ang mga isda sa barko dahil sa sobrang liwanag dahil mas karaniwang sa gabi nanghuhuli ng isda. Ikalawa, ang tinatawag na *catcher boat* na nanghuhuli ng isda at isinasakay rin ito sa nasabing barko. Sa katunayan, ang manghuli nang manghuli ng isda ang tanging layunin lamang ng catcher boat. Ikatlo, ang tinatawag na *carrier boat* na isinasalin ang huling isda kapag puno na ang sakay ng catcher boat upang dalhin na ito sa Market Hall 1 sa NFPC nang sa gayon ay makahuli pa ng ibang isda ang catcher boat. Ang carrier boat lamang ang pabalik-balik upang kunin ang mga isdang huling sakay ng catcher boat dahil karaniwang namamalagi lamang sa laot ang sonar boat at catcher boat ng anim na buwan hanggang isang taon para manghuli ng isda.

Dagdag pa ni Diane, pupuwesto ang mga carrier boat sa harap ng konsignasyon ng tiyak na fish trader/broker. Sa loob ng carrier boat mayroong *storage* sa ilalim nito na naglalaman ng isdang puno ng yelo at ilalagay ito sa bawat banyera upang isa-isang ibababa gamit ang padulasan papunta sa lapag ng puwesto. Matapos nito, may panungkit ang batillo upang hilain at ihilera sa iba pang katulad na isda. Isasalin pa ulit ang mga babang isda sa ibang banyera upang punuin dahil karaniwang may yelo pa ang bawat banyerang mula sa storage kaya kailangang muling ayusin ito.

Nilinaw ni Gina na hindi mismong fish trader/broker ang nagbebenta ng isda sa Market Hall 1 dahil karaniwang hindi sila makikita sa mismong oras ng kalakalang bulungan o kaya ay nagmamasid lamang sila. Dagdag pa niya, nahahati sa dalawang uri ang fish trader/broker sa Market Hall 1. Una, iisa lamang ang fishing vessel operator o may-ari ng lantsa at fish trader/broker o may-ari ng konsignasyon na ang tauhan nilang auctioneer ang nagbebenta sa mga mamimili. Ikalawa, ang fish trader/broker na may-ari lamang ng konsignasyon pero iba ang fishing vessel operator o may-ari ng lantsa at iba rin ang *owner* o kompanyang nagbebenta sa mamimili. Kung gayon, nagpapaupa ang ikalawang uri ng fish trader/broker ng kanilang konsignasyon sa kompanyang nagbebenta ng isda na tinatawag na *owner*.

Sa katunayan, auctioneer ang punong abala sa pagbebenta gamit ang paraan ng sistemang bulungan at may pagkakataon na nagbebenta rin ang owner depende sa kanilang kompanya. Nakaabang ang mamimili o tinatawag na mga buyer at seller at fraction sa tapat ng mga kamada ng isda at isa-isa silang lalapit upang ibulong ang presyo ng isda sa auctioneer o nagbebenta. Mayroong hawak na papel ang auctioneer upang mailista ang mga binulong ng mga buyer at seller at fraction. Matapos nito, sasabihin ng auctioneer ang/ang mga nanalong buyer at seller at fraction sa bulungan ng isda. Bahagi ng katibayan na kinakailangang ilista sa isa sa mga hawak na papel ng auctioneer ang nanalong presyo at ilang banyerang kukunin ng mga nanalong buyer at seller at fraction. Maaaring mabigyan ng pagkakataon na bilhin ng mga natalo ang natitirang banyera ng isda ngunit ang presyo ng nanalo sa bidding ang susundin. Kailangang ibigay ng auctioneer ang papel sa kahera upang magbayad. Titigil lamang ang bulungan kapag naubos na ang babang isda mula sa lantsa.

Sunod, tatakpan ng plastik ng mga trabahador na nag-aayos ng isda o mas tinatawag na batillo ang nabentang banyerang isda at ang buyer at seller at fraction na ang bahala sa gagawin sa nabiling isda. Paglilinaw ni Diane na may pagkakataon na hindi mismo bumibili ng isda ang fraction sa auctioneer o nagbebenta dahil maaaring bumili na lamang agad sila ng isda sa buyer at seller na pangunahing ipinagkaiba ng dalawa. Gayundin, isa pang trabaho ng fraction ang muling isasaayos ang mga nabiling isda batay sa uri, laki, at klasipikasyon dahil ito ang kanilang kalamangan sa buyer at seller upang higit na kumita nang malaki.

Dagdag pa sa paglalahad ni Mark na kasapi sa bentahan, gampanin ng buyer at seller na ibenta sa mga tagalabas na mamimili o tinatawag ng tiyak na mga fish hauler/fish buyer na may dalang mga trak o anumang sasakyan upang dalhin sa ibang lugar sa Metro Manila o probinsiya. Maaari din nilang ibenta na lamang sa fish trader/broker ng Market Halls 3, 4, at 5 ang mga banyera ng isda. Ito ang kabuuang prosesong kada araw sa Market Hall 1.

*B. Proseso ng Bentahan ng Isda sa Market Hall 2*

Magkasing-tulad lamang sa lawak ng espasyo ang Market Halls 1 at 2 ngunit dahil mula sa mga fish viajero o tinatawag na overland, o kaya off quayside ang inaangkat na isda rito kaya may pagkakaiba pa rin ang proseso ng bentahan. Sapat ang inilaang espasyo sa Market Hall 2 upang makipagsabayan sa Market Hall 1 sapagkat dito lamang mayroong bentahan tuwing umaga at gabi.

Maaaring magkatulad o magkaiba ang fish trader/broker ng konsignasyon sa umaga at gabi depende sa kanilang kasunduan sa opisina. Nagsisimula ang bentahan sa Market Hall 2 kapag ika-6 ng umaga at karaniwang natatapos ng ika-8 ng umaga samantala, nagsisimula ng ika-5 ng gabi at karaniwang natatapos ng ika-12 ng madaling araw. Sa pagsisiyasat ng mananaliksik, maayos ang bentahan sa Market Hall 2 ngunit hindi kasing-aktibo sa Market Hall 1 dahil per kilo rito ang karaniwang pagbibigay ng presyo. Nagbabago ito dahil mas maraming mamimili tuwing gabi sa Market Hall 2 kaya may pagkakataon na bawat banyera ang paglalatag ng presyo sa gabi depende sa kompetisyon ng kalakal na isda.

Sa kabilang banda, pagbabagi ni Liam na kasapi sa bentahan na mayroong *contact person* na fish viajero ang mga fish trader/broker upang makipagnegosasyon sa darating na isda kada araw. Karaniwang nakasakay sa isang *ten-wheeler truck* ang mga isdang ibebenta sa Market Hall 2 kaya iba't ibang fish viajero ang nakikisakay sa isang trak na mayroong pagdadalhan lamang ng tiyak na fish trader/broker. Idinetalye ni Liam ang proseso ng bentahan ng isda sa Market Hall 2 na magsisimula ang paghahanda ng mga trabahador na nag-aayos ng isda o mas tinatawag na batillo kapag dumating na ang trak. Karaniwang nakalagay ito sa tatlong uri ng lalagyan kapag sakay ng trak: banyera, matibay na uri ng kahon o malaking *cooler*, at *styrofoam* naman kapag isinakay pa sa eroplano ang inangkat na

isda. Ibababa ang mga lalagyan na ito sa pamamagitan ng kariton upang dalhin sa konsignasyon ng fish trader/broker at ilalatag ito sa sahig na may malinis na sapin upang ayusin dahil minsan magkakaiba ang isda sa isang lalagyan at sunod na gagawin ang ihihilera ng mga batillo ang banyerang mga inangkat na isda sa kanilang puwesto. Karaniwan ang fish trader/broker sa Market Hall 2 ang nagbebenta na rin ng kanilang inangkat na isda o kaya mayroon silang katiwala dahil maliit lamang ang sistema ng bentahan dito.

Ayon pa kay Liam, may itinuturing ang isang fish trader/broker o nagbebenta sa Market Hall 2 na tatlong uri ng fish hauler/fish buyer o mamimili. Una, ang mga *big buyer* na nagbebenta sa malalaking palengke o *grocery* at may-ari ng malalaking restawran o establisimyento kaya karaniwang pinagtatabi na lamang sila ng fish trader/broker. Ikalawa, ang mga *walk-in* na bumibili rin ng isda na maramihan o tingi-tingi lamang. Ikatlo, ang barangay/barat na hihintayin munang ibaba ang presyo ng isda kaya namamalagi sila sa pamilihan nang matagal upang abangan ang bagsak-presyo.

Kung gayon, ang ikalawa at ikatlong uri ng mga fish hauler/fish buyer lamang ang dumadaan sa sistemang bulungan na paraan ng bentahan at makakukuha ng isda ang may pinakamataas na presyong naibigay batay sa uri, laki, at klasipikasyon ng kada kilo o banyera. Ayon pa kay Liam, maaari namang bumili pa rin ang natalo sa bulungan ngunit ang susundin na presyo ang mayroong pinakamalaking bidding na ibinigay.

Dagdag muli ni Liam, ititimbang ang kilo ng isdang kukunin ng nanalong mamimili sa sistemang bulungan at ililista ito ng kahera para magawan ng resibo at makapagbayad ang fish hauler/fish buyer. Binabalot ng mga batillo sa plastik ang banyera ng isda o paglalagay sa matibay na kahon o malaking cooler na may plastik din sa loob nang sa gayon ay mapanatiling malinis ang mga isda at mapreserba ang pagiging sariwa nito. Matapos nito, maaari nang kunin ng fish hauler/fish buyer ang kanilang nabiling isda gamit ang kanilang sariling lalagyan. Ito ang kabuuang proseso kada araw sa Market Hall 2.

### *C. Proseso ng Bentahan ng Isda sa Market Halls 3, 4, at 5*

Sa pagsipat ng mananaliksik, mas maliit man ang Market Halls 3, 4, at 5 ngunit mas matao at mas sariwa ang isda sapagkat inilaan ito para sa mga ordinaryong mamimili na per kilo ang bentahan. Nagsisimula ang bentahan ng isda rito ng ika-3 ng umaga at karaniwang matatapos ng ika-9 ng umaga.

Sa pagsasama-sama ng mga kasagutan ng mga nakapanayam na mga nagbebenta, namimili, at nagtatrabaho sa opisina ng Market Halls 3–5, nalaman na dinadala ang mga isda rito sa apat na paraan: on quayside sa Market Hall 3, off quayside, overland, ang mga bentang banyera ng isda mula sa buyer at seller o fraction ng Market Hall 1. Isinalaysay ni Amy na kasapi sa bentahan ang kalagayan sa Market Hall 3, na kailangang magkasundo sa ibebentang huling isda ang fishing boat operator na contact person ng mga fish trader/broker. Magsisimula ang proseso ng bentahan kapag dumating na ang bangka sa tapat ng konsignasyon at kukuha ng mga banyera ang mga mangingisda sa puwesto ng fish trader/broker upang isalin ang mga hinuling isda. Ang mga trabahador na nag-aayos ng isda o mas tinatawag na batillo ang maghihila nito sa kanilang puwesto upang ayusin ang mga isda batay sa uri, laki, at klasipikasyon sapagkat bagong huli ito kaya may pagkakataon na magkakasama ang iba't ibang uri ng isda.

Isinalaysay naman ni Susan na kasapi sa bentahan, ang fish viajero ang gumagawa ng paraan upang madala ang mga huling isda sa NFPC habang makapagbenta lamang ang tanging layunin ng fish trader/broker. Paliwanag ni Lyn na kasapi sa bentahan, kailangang ibaba ang mga dating na isda na sakay ng trak mula sa fish viajero upang ihilera sa tapat ng konsignasyon nang sa gayon, masimulan ang bentahan. Sa kabilang banda, sabi ni Susan na mayroong contact person ang fish trader/broker sa buyer at seller o fraction na nagbebenta ng banyerang isda mula Market Hall 1 at daldahin na lamang ito sa Market Halls 3, 4, o 5 na nakalagay sa banyera na karaniwang galunggong. Sa panlahat, binibilang muna kung ilan ang timbang o tonelada ng banyerang isda bago ibenta nang sa gayon, mayroong ideya sa kikitaing presyo.

Samantala, batay sa pinagsama-samang pakikipanayam ng mananaliksik na may tatlong uri ng bentahan ng isda sa Market Halls 3, 4, at 5. Una, ang kultural na sistemang bulungan na ginagamit bilang pagsusubasta batay sa uri, laki, at klasipikasyon ng isda. Ikalawa, ang pagbibigay ng *fixed* na presyo kapag ang fish viajero ang nagdidikta ng presyo at kailangan sumunod ng fish trader/broker. Ikatlo, ang pinagsama na sistemang bulungan at fixed na presyo na bagama't ang fish viajero ang nagdidikta ng presyo

ngunit pabulong pa rin sinasabi ng nagbebenta ang presyo sa namimili upang maisaalang-alang ang dami ng bibilhing isda ng fish hauler/fish buyer.

Bilang pangwakas ng kalakalan sa Market Halls 3, 4, at 5, kailangang timbangin muna ang kilo o masipat ang bilang ng banyerang bibilhin upang maghanda ng resibo at magbayad sa kahera ng presyo ng isda batay sa uri ng bentahan. Ayon kay Marie na kasapi sa bentahan, karaniwang nagbebenta sa palengke, kariton, online, at mga personal na pagkain lamang ang fish hauler/fish buyer dito. May sariling dalang cooler o malaking kahon ang mga bumili ng maraming isda upang isalin sa kanilang lalagyan. Gayundin, ang mga pedicab, tricycle, dyip, van, at maliit na uri ng trak ang mga sasakyan lamang ng fish hauler/fish buyer. Ito ang kabuuang proseso kada araw sa Market Hall 3, 4, at 5.

Nadalumat na ang kabihasaan, kasanayan, at katapatan ang naging batayan upang makabuo ng komunidad ang mga kasapi sa bentahan ng isda nang sa gayon, matugunan ang kanilang personal na adhikain at makaambag sa kalagayang ekonomiko ng Navotas. Naging makabuluhan ang paggamit ng socio-economic geography dahil nailahad sa bahaging ito ang sistematikong paraan ng bentahan batay sa araw, lokasyon, o proseso kung paano ibinebenta ang isda. May pagkakaiba man sa sosyal na adaptasyon depende sa tiyak na Market Halls ngunit may isang tunguhin lamang para sa pagpapadaloy ng ekonomiya.


*Pagpapaunlad: Ang Rehabilitasyon sa Navotas Fish Port Complex*

Patuloy lamang ang rehabilitasyon sa pagpapaunlad at moderninasyon ng Navotas Fish Port Complex sa kabila ng pag-antala dahil sa pandemyang Covid-19 upang mas magbigay ng maraming oportunidad at mas lumago ang ekonomiya ng Navotas. Inilahad ni Ron na kawani ng opisina, naglaan ng PhP37,181,125.87 na pondo ang pamahalaan ng Pilipinas para sa pagbabago ng buong lokasyon ng NFPC. Kabilang sa proyekto ng dating Pangulong Rodrigo Duterte na Build, Build, Program ang rehabilitasyon sa Navotas Fish Port Complex.

Higit na paiigtingin, palalakasin, at patataasin ang Navotas Fish Port Complex sa inaasahang modernisasyon dahil mas magbubukas ito ng maraming trabaho sa lungsod. Pinatunayan ni Sir Ron na isa sa mga adhikain ng rehabilitasyon na tumaas ang bilang ng mga nais magnegosyo sa Market Halls sapagkat maraming nagtatangka sa kasalukuyan na mapabilang sa pamilihan ng isda ngunit hindi na mabigyan ng puwesto. Dagdag pa niya, may plano rin na magkaroon ng ibang produktong maaaring ibenta rito, katulad ng bigas o gulay dahil sa pagbabago ng espasyo ng Market Halls. Maaaring mas lumawak ang bilhin dito kaya may plano na magbago rin ang pagtawag sa lugar na Navotas Fish Port Complex.

Samantala, mayroong ibang dapat pagtuunan ng pansin din sa pagbabago ng lugar ng Navotas Fish Port Complex. Mula sa mga pinagsamang opinyon ng mga nakapanayam ng mananaliksik, kailangan ng pagsasaayos sa mga baradong kanal, pagsasaayos ng mga sirang bubong ng Market Halls*,* mas malinis na kapaligiran, pagpapalawak ng paradahan ng sasakyan, pasilidad na may ilaw, at pagsasaayos ng pampublikong palikuran. May malaking bilang din ng *informal settlers* sa loob ng NFPC at napapalibutan din ng *informal settlers* sa labas ng daungan na dapat pagtuuunan ng pansin sa pamamagitan ng pagbibigay ng maayos na tirahan para nakasentro lamang sa negosyong pangingisda ang lokasyon ng NFPC.

Paglalahad pa ni Ron, magkakaroon ng pagbabago sa lokasyon ng Market Halls sapagkat layunin ng rehabilitasyon na makita lamang sa isang pook ang lahat ng bentahan ng isda. Matatagpuan ito sa dagdag na tayong lugar sa loob ng NFPC na malapit sa dagat na gagamitin ang daanan sa Pier 5 upang magtungo rito. Paliwanag pa ni Marie na kawani ng opisina, magkakaroon ng ikalawang palapag ang planong rehabilitasyon sa Market Halls. Higit na napatunayan nito na mas tataas ang bentahan ng isda dahil sa paglawak ng espasyo.




**Pigura 6:** Ang mapa ng planong disenyo ng rehabilitasyon sa Navotas Fish Port Complex. Ang may itim na linya ang bagong lugar ng limang Market Halls. Nagmula ang larawan sa opisina ng mga inhinyero.

Batay sa website ng Philippine Information Agency na inilahad ni Janna Pineda, noong Agosto 14, 2023 nagkaroon ng seremonya para sa bago at permanenteng *central office* ng Philippine Fisheries Development Authority o PFDA sa loob ng Navotas Fish Port Complex. Gayundin, nagkaroon sa parehong araw ng seremonya dahil sa pagkakaroon ng *food stall facility* sa bagong Market Hall 3 at sa bagong konstruksiyon na NFPC Fish Processing Facility. Bahagi ng programang ito ang 47 taong anibersaryo ng PFDA na may temang "Pinatatag na Imprastraktura at Serbisyong Pampangisdaan, Susi sa Maunlad na Ekonomiya" (Philippine Information Agency).

Patuloy ang pagsasakatuparan ng modernisasyon kahit paunti-unti ang rehabilitasyon sa NFPC. Sa proyektong ito hangad na higit na maipakita sa sumusunod na taon ang halaga ng Navotas Fish Port Complex na hindi lamang ang lokasyon ang naging dahilan upang piliin ang lungsod bilang pangunahing daungan sa Pilipinas. Sa halip, nais ipakita na inalagaan at tinugunan ang mga karapat-dapat na pangangailangan ng mamamayang Navoteño at sinisikap na lalong palaguin nito ang ekonomiya ng Navotas.



**Pigura 7:** Ang mapa na mayroong kulay ng planong disenyo ng rehabilitasyon sa Navotas Fish Port Complex. Nagmula ang larawan sa opisina ng mga inhinyero.

## Kongklusyon

Pinagtibay ng pag-aaral na ito ang pagpapaigting sa silbi ng Navotas Fish Port Complex pagdating sa proseso ng bentahan ng isda at gampanin ng soyal na ugnayan para sa pagpapadaloy ng ekonomiya. Mayroong walong pangunahing rehiyonal na daungan ng isda sa Pilipinas at ang NFPC ang unang nagbukas sa publiko at pinakamalaki sa Pilipinas. Bunga nito, napatunayan ang pagtingin sa Navotas bilang "Fishing Capital of the Philippines."

Sa pag-aaral na ito mas napagtuunan ang pagtatama ng mga naunang pagtingin sa daungan ng isda sa Navotas. Nailahad na malawak ang lokasyon ng Navotas Fish Port Complex na hindi lamang ito bentahan ng isda dahil may iba pang produktong may kaugnayan sa isda ang makikita rito. Katulad na lamang ng pagawaan ng produktong may isda na halimbawa ang sardinas at mga pagawaan at babaan ng mga barko. Kung gayon, nakita ang hangganan ng lokasyon sa pag-aaral upang pagtuonan ang tiyak na bentahan.

Nalaman na makikita sa Market Halls na isa sa pinakamaliit na lokasyon sa buong NFPC ang bentahan ng isda. Hinati ito sa limang pamilihan na may kani-kaniya ang bawat isa ng pinagmulan at pagdadalhan ng isda, proseso ng bentahan, at uri ng hatian ng trabaho. Nailahad na hindi bihasa agad sa lahat ng Market Halls ang isang trabahador lamang sa isang pamilihan dahil may magkakaibang target ang bawat isa na kailangan tugunan. Bunga nito, nakatulong ang paggamit ng socio-economic geography bilang teoryang magpapaliwanag ng daloy ng bentahan mula sa pagbaba nito sa barko o bangka at pag-aangkat mula sa trak hanggang sa proseso ng bentahan para mabili ng mamimili.

Sa pagsipat ng patuloy na pagpapaunlad ng ekonomiya sa Navotas, nagkaroon ng rehabilitasyon sa NFPC na babaguhin ang buong lokasyon ng daungan. Hangad na makita na lamang sa isang lokasyon ang limang Market Halls na mas malapit sa dagat. Mas magiging malawak ang espasyo at mas maraming konsignasyon ang bubuksan na makatutulong sa pagbibigay ng dagdag na trabaho. Bagama't naaantala ang tuloy-tuloy na rehabilitasyon sa lugar dahil sa pandemyang Covid-19 ngunit paunti-unting tinatapos ito dahil may inilaan na PhP37,181,125.87 na pondo ang pamahalaan ng Pilipinas para sa pagbabago ng Navotas Fish Port Complex.

## SANGGUNIAN

Atalia, Eros S. *Tag-Liwanag: Wika, Kalinangan, Pamumuhay at Kultura ng Pangingisda sa Cavite*. 2008. Pamantasang De La Salle, Tesis.

Bryant, Ron. *Navotas—Kahapon, Ngayon at Bukas.* The

Navotas Historical Commission. Navotas: Regan Printers, Inc, 2005..

del Rosario, Ma. Lourdes S., Michelle Angeline C. Dinglasan at Marianne A. Liwanag. *Bulungan.* 2005. Pamantasang De La Salle, Tesis.

Dongon, Jenny. "Pinoy na Mangingisda sa Scarborough Shoal, Nakipagpatintero sa China Coast Guard." *News5Everywhere*, Septembre 29, 2023, https://www.youtube.com/watch?v=5dXnVOf_HKA.

Flores, Ma. Crisanta N. *Pangasinan: Isang Etnokultural na Pagmamapa*. 2002. Unibersidad ng Pilipinas, Disertasyon.

Israel, Danilo C. at Roque, Ruchel Marie Grace R. "Analysis of Fishing Ports in the Philippines." *Policy Notes, No. 99-07*, Philippine Institute for Development Studies, Hulyo 1999, mp. 1–6, https://issuu.com/ryacat/docs/pidspn9907.

Jocano, Felipe Landa. *Anthropology of the Filipino People V: Filipino Worldview, Etnography of Local Knowledge*. PUNLAD Research House, Inc., 2001, mp. 51–63.

Knowles, R. at Wareing, J. "Economic and Social Geography." *Department of Geography, The Polytechnic of North London.* 4th Edition, Google Books, Butterworth-Heinemann Ltd Linacre House, Jordan Hill Oxford, 1992, https://books.google.com.ph/books?id=hIKjBQAAQBAJ&printsec=frontcover&dq=socio%20economic%20geography&hl=en&sa=X&ved=2ahUKEwie1bmD3vzrAhWYyosBHeaZD5sQ6AEwAXoECAYQAg#v=onepage&q=socio%20economic%20geography&f=false.

"LIVELIHOOD - DISTRIBUTION OF FISHNETS AND BANCAS." Navotas City, https://www.navotas.gov.ph/OurCity/Projects.

Lumaque, Leonard Brian L., Ahvie A. Lopez, at Emily J. Comedis. "Navotas: Sharing their Fishing Culture." *DLSU Research Congress 2015*, Vol. 3, Marso 2015, mp. 1–4, https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/conferences/research-congress-proceedings/2015/LCCS/002LCS_Lumaque_LBL.pdf.

Nuncio, Rhoderick V., at Nuncio, Elizabeth M. *Sangandiwa: Araling Filipino bilang Talastasang Pangkalinangan at Lapit-Pananaliksik. Mga sanaysay na tinipon at inihanda ng mga may-akda.* University of Sto. Tomas Publishing House, 2004.

Pardilla, Cleilz. "Halaga ng Produksyon ng Isda, Bumaba kumpara noong 2022." *PTV Philippines*, Setyembre 20, 2023, https://www.youtube.com/watch?v=ak6VG7-4e4I.

"PHILIPPINES: Navotas City." *National Statistics Office of the Philippines* at *National Statistical Coordination Board*, 2021, https://www.citypopulation.de/en/philippines/navotas/.

Petras, Jayson D.G. "Bayan at Pagkabayan sa Salamyaan: Ang Pagpopook ng Marikina sa Kamalayang-Bayang Marikenyo." *Dalumat Ejournal*, vol. 1, no. 2, 2010, mp. 93–104. https://ejournals.ph/article.php?id=6199.

Pineda, Janna Marie. "PFDA Central Office groundbreaks at Navotas Fish Port Complex." *Philippine Information Agency,* Agosto 15, 2023, https://pia.gov.ph/news/2023/08/15/pfda-central-office-groundbreaks-at-navotas-fish-port-complex.

Tayone, Reneille Joy M. *NAVOTA(A)S: Pagmamapa ng Bentahan sa Pamilihang Fish Port Complex Gamit ang Pag-aaral na Socio-Economic Geography.* 2021. Pamantasang De La Salle, Tesis. Animo Repository, https://animorepository.dlsu.edu.ph/etdm_fil/2/.

Tiangco, John Rey. *Facebook Page*, Oktubre 24, 2020, https://www.facebook.com/thejohnreytiangco.

Turgo, Nelson N. "Knowledge Sits in Places: The Vernacularity and Emplacement of Fish Markets in Southern Philippines." *Online Research @Cardiff (ORCA)*, volume 5, Polytechnic University of the Philipines, 2016, mp. 66–88, http://orca.cf.ac.uk/118901/.